



## Form ng Pahintulot ng Kliyente ng ARIES para sa San Francisco

Ako, si \_\_\_\_\_ (ilagay ang buong pangalan sa malalaking titik), ay humihiling na mairehistro sa AIDS Regional Information and Evaluation System (ARIES) para makatanggap ng mga serbisyong ibinibigay ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan (Department of Public Health) ng San Francisco at/o ng mga provider ng serbisyo nito. Sa panahon ng pagpaparehistro, hihilingin sa aking magbigay ng impormasyon tungkol sa aking sarili, kasama ang aking pangalan, lahi, kasarian, petsa ng kapanganakan, kita, at iba pang demograpikong data. Depende sa ahensya o programa kung saan ako nagpaparehistro, maaari ding magtanong sa akin tungkol sa bilang ng aking CD4 cell, dami ng virus, paggamit ng mga gamot sa HIV, pangkalahatang pisikal at medikal na kundisyon, at kasaysayang medikal.

Bukod sa pagbibigay ng impormasyon, maaaring hilingin sa aking magbigay ng dokumentasyon ng positibong status sa HIV.

**PAGBABAHAGI:** Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, pinipili kong ibahagi ang aking impormasyon sa lahat ng iba pang ahensya kung saan ako nakakatanggap ng mga serbisyo na bahagi ng ARIES. Ang mga layunin ng pagbabahagi ng aking impormasyon sa ARIES ay ang pagtukoy sa pangangailangan at kwalipikasyon ko para sa mga serbisyo, pagpapatala sa mga naaangkop na programa, at pagtanggap ng magkatugmang pangangalaga at paggamot kasama ang mga naaangkop na referral para sa iba pang serbisyo. Sa pamamagitan ng pagsasaad na handa akong ibahagi ang aking impormasyon, karaniwan ay hindi ko na kakailanganing magparehistro (sa ARIES) o magbigay ng karagdagang dokumentasyon ng positibong status sa HIV kapag nakakatanggap ako ng mga serbisyo mula sa iba pang ahensyang nagbibigay ng serbisyo na pinopondohan ng Ryan White HIV/AIDS Program o ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health o CDPH), Tanggapan ng AIDS. Mga awtorisadong tauhan sa isang ahensya lang ang magkakaroon ng access sa aking impormasyon kapag may pangangailangan silang malaman ang impormasyon. Maaaring kasama sa impormasyong ibinabahagi ang tungkol sa mga serbisyong natatanggap ko o tungkol sa paggamot ko sa isang partikular na ahensya. Hindi ibabahagi ang impormasyon kaugnay ng kalusugan ng pag-iisip, pag-inom ng alak at paggamit ng substance, at legal na impormasyon.

Bilang kundisyon ng pagtanggap ng mga serbisyo, pinapahintulutan ko ang pagbibigay ng aking impormasyon sa ARIES sa aking lokal na departamento ng kalusugan, sa mga piskal na ahenteng nagpondo sa mga serbisyong natatanggap ko, at sa CDPH/Tanggapan ng AIDS para sa ipinag-uutos na pag-uulat ng pangangalaga at paggamot, pagsubaybay sa programa, pagsusuri sa istatistika, at mga aktibidad para sa pananaliksik. Kasama sa data na ito ang, pero hindi nalilimitahan sa, demograpikong impormasyon, pampinansyal na impormasyon, medikal na impormasyon, impormasyon ng serbisyo, impormasyon kaugnay ng kalusugan ng pag-iisip, impormasyon kaugnay ng pag-inom ng alak/paggamit ng substance, at legal na impormasyon.

Bukod dito, bilang kundisyon sa pagtanggap ng mga serbisyo, pinapahintulutan ko ang aking lokal na departamento ng kalusugan na ihayag sa aking mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang pinakakaunting impormasyong kinakailangan mula sa aking impormasyon sa ARIES para tulungan silang sumunod sa mga batas at regulasyon sa pag-uulat kaugnay ng HIV. Hindi ihahayag ang impormasyon kaugnay ng kalusugan ng pag-iisip, pag-inom ng alak/paggamit ng substance, at legal na impormasyon para sa layuning ito.

Hindi ginagarantiya ng pagpaparehistro ko sa ARIES ang mga serbisyo mula sa anumang iba pang ahensya. Maaaring ibukod ako ng mga wait list o iba pang kinakailangan sa kwalipikasyon sa mga serbisyo sa iba pang ahensya ng ARIES.

Sa pamamagitan ng paglagda sa form na ito, pinapatunayan kong nakipag-usap ako tungkol sa aking mga karapatan sa pagkakumpidensyal kaugnay ng ARIES kasama ng kawaning tinukoy sa ibaba at nauunawaan ko ang mga ito. Nauunawaan ko na itatabi ang form na ito sa file ng mga dokumento ko. Mananatili ang bisa ng Pahintulot na ito sa loob ng tatlong (3) taon mula sa petsa kung kailan ko nilagdaan ang form na ito.

\_\_\_\_\_  
Lagda ng Kliyente o Magulang/Tagapag-alaga ng Menor de Edad \*    Petsa

### Para sa Paggamit ng Lokal na Ahensya Lang

\_\_\_\_\_  
Pinangasiwaan Ni (Pangalan ng Kawani)

\_\_\_\_\_  
Pangalan ng Ahensya

\_\_\_\_\_  
Lagda

\_\_\_\_\_  
Petsa

Kung naaangkop, ang kliyenteng ito ay isang kliyenteng **HINDI NAIBABAHAGI** dahil (lagyan ng check ang lahat ng nalalapat):

Hindi makakapagbigay ng pahintulot

Nauugnay/Naaapektuhang Kliyente

Negatibo sa HIV

\*alinsunod sa CA Family Code seksyon 6926, "Ang isang menor de edad na 12 taong gulang o mas matanda na maaaring nagkaroon ng pagkakataong mahawaan ng isang nakakahawa, kumakalat, o naililipat na sakit ay maaaring magbigay ng pahintulot para sa medikal na pangangalagang nauugnay sa diagnosis o paggamot ng sakit, kung ang sakit o kundisyon ay isang sakit o kundisyon na inaatas ng batas o regulasyong pinagtibay alinsunod sa batas na iulat sa lokal na opisyal sa kalusugan, o isang nauugnay na sakit na naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik, ay maaaring tukuyin ng Tanggapan ng Pamublikong Kalusugan ng Estador."



## AIDS Regional Information & Evaluation System



### Ano ang ARIES at Ano ang Magagawa Nito Para sa Akin?

Ang AIDS Regional Information & Evaluation System (ARIES) ay isang sistema ng pamamahala sa kliyente, na idinisenyo para sa mga provider ng Ryan White CARE Act, na magpapahusay sa mga serbisyo sa mga kliyenteng may HIV sa pamamagitan ng pagtulong sa mga provider na mag-automate, magplano, mamahala, at mag-ulat kaugnay ng mga serbisyo ng kliyente. Papahusayin ng ARIES ang kalidad ng pangangalagang ibinibigay sa iyo.

Tinutulungan ka ng ARIES na mas madaling makatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng pagbabawas sa mga dokumentong kailangan mong gawin para makapagparehistro sa ARIES, at tinutulungan nito ang mga ahensyang mas mapangasiwaan ang mga serbisyong natatanggap mo. Sa ARIES, maaari kang magrehistro nang isang beses at ibabahagi ang impormasyong ito **sa iba** pang ahensyang gumagamit ng ARIES. Dahil sa pagbabahagi ng impormasyon, hindi mo na kailangang sagutan ang mga katulad na form ng pagpaparehistro sa ARIES nang mahigit isang beses o dalhin ang iyong dokumentasyon ng positibong status sa HIV sa bawat ahensya. Tinutulungan ka ng ARIES na magtipid ng oras!

### Ligtas ba ang Aking Impormasyon?

OO! Talagang secure ang ARIES at ganap na kumpidensyal ang lahat ng impormasyon sa ARIES. Pinoprotektahan ng system ang talaan mo nang sa gayon ay awtorisadong ahensya lang ang makaka-access dito. Ang mga awtorisadong tauhan, na nasa ahensyang iyon, ay bibigyan ng mga karapatang tingnan ang impormasyon lang na kailangan nilang malaman. Ang impormasyong nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip, labis na paggamit ng substance, at mga legal na isyu ay available lang sa isang napakalimitadong pangkat. Bukod dito, pinipigilan ng pag-encrypt (ginugulo ang data at ginagawang hindi nakikilala) ang sinuman na basahin ang data na iyon maliban sa inaasahang tatanggap.